



Impormasyon tungkol sa Pagsusuri ng Sipit-sipitan

Ano ang Pagsusuri ng ipit-sipitan?

Ang pagsusuri ng sipit-sipitan (smear test) ay isang paraan ng pagtuklas ng abnormal na mga selula sa sipit-sipitan (leeg ng bahay-bata). Ang abnormal na mga selula ay tinatawag ding pre-cancerous (nakaka-kanser) na mga selula.

Kung hindi natuklasan, maaaring maging kanser sa sipit-sipitan ang abnormal na mga selulang ito. Tinatayang napipigilan ng regular na pagsusuring ito ang 75% ng mga kaso ng kanser sa sipit-sipitan.

Hindi diyagnostikong test ang pag-screen. Tulad ng lahat ng pag-screen, isinasagawa ito sa mga taong mukhang malusog. Wala silang anumang mga sintomas. Isinasagawa ito para malaman kung may abnormal na mga selula sa sipit-sipitan, para matanggal ang mga ito at maiwasan ang pagkakaroon ng kanser sa sipit-sipitan.

Paano isinasagawa ang pagsusuri ng sipit-sipitan?

Kukuha ang GP (doktor) o nars ng sampol ng mga selula mula sa iyong sipit-sipitan. Hindi ito kumportable, pero hindi ito dapat masakit. Ilang minuto lang ito. Ipadadala ang sampol sa laboratoryong sigurado ang kalidad. Susuriin ito sa mikroskopyo at kung kailangan, susuriin din ito para sa HPV (human papillomavirus).

Ang abnormal na mga selula sa sipit-sipitan ay dulot ng partikular na mga uri ng HPV. Napakakaraniwang virus ng HPV. Halos lahat ng tao ay magkakaroon nito. Ang HPV virus ang pangunahing sanhi ng kanser sa sipit-sipitan.

Anu-ano ang mga pakinabang ng pagsusuri sa sipit-sipitan?

Ang regular na pagsusuri ng sipit-sipitan ay:

- nagliligtas ng buhay
- tumutuklas ng mga abnormal na pagbabago sa mga selula ng sipit-sipitan sa oras na mas madali itong gamutin
- tumutulong sa pagtuklas ng mga abnormal na pagbabago bago pa man lumitaw ang mga sintomas

Ang pagtuklas sa abnormal na mga selula ang pinakamagandang paraan para maiwasan ang kanser sa sipit-sipitan. Kaya mahalaga ang regular na pagsusuri.

Mula nang magsimula ang CervicalCheck noong 2008:

- higit 3 milyong pag-screen na ang naisagawa
- bumaba ang bilang ng mga babaeng nagkaroon ng kanser sa sipit-sipitan
- higit 100,000 kaso ng abnormal na mga selula ng sipit-sipitan ang natuklasan, karamihan ay magiging kanser kung hindi natuklasan sa pamamagitan ng pagsusuri at malunasan kung kailangan

Anu-ano ang mga limitasyon ng pag-screen ng sipit-sipitan?

Ang pangunahing mga limitasyon nito ay:

- hindi nito mapipigilan ang lahat ng kaso ng kanser sa sipit-sipitan
- ilang babae ang magkakakanser pa rin sa sipit-sipitan sa kabila ng regular na pagsusuri
- maaaring hindi matuklasan ang ilang abnormal na pagbabago sa mga selula

Kung susuriin ang 1,000 babae, tinatayang 20 ang kakikitaan ng abnormal na mga selula ng sipit-sipitan. Tinatayang matutuklasan sa 15 babae ang mga selulang ito sa pamamagitan ng pagsusuri. Sa natitirang lima, hindi matutuklasan ang mga ito sa pamamagitan ng pagsusuri at maaari silang magkaroon ng kanser sa sipit-sipitan.

Bakit hindi natutuklasan ang ilang abnormalidad?

Maaaring hindi matuklasan ang ilang abnormalidad dahil:

- kung minsan, hindi nagkakaiba ang hitsura ng mga ito sa normal na mga selula
 - kakaunti ang abnormal na mga selula sa sampol
 - nagjamali ang ng taong nagbabasa ng iyong sampol (nangyayari ito minsan, gaano man kabihasa ang magbabasa.)
- Inaabot ng ilang taon bago magkaroon ng kanser sa sipit-sipitan, kaya ang abnormal na selula na hindi natuklasan sa isang pag-screen ay maaaring matuklasan sa susunod. Kaya mahalagang sumunod sa iskedyul ng pag-screen ng iyong sipit-sipitan.

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta?

Maaaring normal o abnormal ang resulta ng iyong test. Normal ang karamihan ng mga resulta. Kung abnormal ang sa iyo, hindi ibig sabihing may kanser ka na. Maaaring irekomenda sa iyong sumailalim sa colposcopy – isang detalyadong





Impormasyon tungkol sa Pagsusuri ng Sipit-sipitan

pagsusuri ng sipit-sipitan – sa isang klinikang outpatient.

Maling positibo at negatibo

Kung minsan, hindi tumpak ang mga resulta. Tinatawag namin itong ‘maling positibo’ (false positives) at ‘maling negatibo’ (false negatives). Hindi maiiwasan ang mga ito. Nangyayari ang mga ito sa bawat pagsusuri.

Maling positibong resulta

Maaaring ireport ang resulta bilang positibo (abnormal na mga selula), kahit na walang mga pagbabago sa mga selula ng sipit-sipitan. Ibig sabihin ng ‘maling positibo,’ kailangan ng dagdag na pagsusuri para matiyak na walang panganib ng kanser sa panahong iyon.

Maling negatibong resulta

Maaaring ireport ang resulta bilang negatibo (normal na mga selula), kahit na may abnormal na mga selula sa sipit-sipitan.

Ibig sabihin ng ‘maling negatibo,’ hindi na kailangan ng dagdag na pagsusuri dahil may panganib na ng kanser sa panahong iyon. Kahit na normal ang resulta, maaari ka pa ring magkaroon ng kanser sa sipit-sipitan sa hinaharap.

Dahil dito, mahalagang sumunod sa iskedyul sa pagsusuri ng sipit-sipitan mo at magtuon sa posibleng mga sintomas. Mababasa mo ang tungkol sa mga sintomas sa polyetong ipinadala namin sa iyo sa hse.ie/cervicalcheck

Pagbibigay ng iyong pahintulot

Kapag sasailalim ka sa proseso ng pagsusuri ng iyong sipit-sipitan, hihilingin namin sa iyo ang pahintulot mo sa pamamagitan ng paglagda sa ‘Pormularyo ng Pagsusuri ng Sipit-sipitan’. Kung hindi mo ito malalagda, hihilingin sa iyong ibigay ang pahintulot sa paraang pasalita o sa pamamagitan ng pagmarka sa pormularyo sa harap ng isang doktor o nars.

Patunay ito na:

- naipaliwanag sa iyo ang tungkol sa pag-screen ng sipit-sipitan at ang mga pakinabang at limitasyon nito
- nauunawaan mo ang impormasyong ito
- natiyak mong tama ang iyong pangalan, tirahan, at iba pang mga detlye – para masigurong alam namin ang kasalukuyan mong tirahan para makontak ka namin

- pinahihintulutan mo kaming kolektahin, itabi, at ibahagi ang personal mong impormasyon at kasaysayan sa pagsusuri sa mga nangangasiwa ng programa

Tandaan: Ikaw lang ang makapagbibigay ng iyong pahintulot na lumahok sa programa. Kailangan mong magbigay ng pahintulot bago maisagawa ang pagsusuri. Maaari mong bawiin ang pahintulot sa anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa Freephone 1800 45 45 55 o sa email na info@cervicalcheck.ie

Ibig sabihin nito, hindi ka namin kokontakin sa hinaharap tungkol sa Programa sa Pagsusuri ng Sipit-sipitan

Paano namin gagamitin ang personal mong impormasyon

Kokolektahin at itabi ng CervicalCheck ang personal mong impormasyon (pangalan, tirahan, numero ng telepono, petsa ng kapanganakan, PPSN) at kasaysayan ng pagsusuri sa sipit-sipitan. Nauugnay ang kasaysayang ito sa iyong paglahok sa CervicalCheck. Kabilang dito ang mga resulta ng smear at HPV test, pagdalo sa colposcopy, mga paggamot, at mga resulta ng biopsy (test sample).

Gagamitin namin ang impormasyon mo para kontak ka kung kailan ang susunod na pagsusuri o kung lumabas na ang resulta. Ibabahagi rin namin ang iyong impormasyon sa iba pang mga serbisyo sa kalusugan na nangangasiwa sa programa. Kabilang dito ang doktor o nars na nagsasagawa ng pagsusuri, ang laboratoryo, mga klinikang nagsasagawa ng colposcopy, at ang National Cancer Registry Ireland. Ito ay para matiyak na may wastong tala kami ng iyong kasaysayan sa pagsusuri. Maaari naming gamitin ang sampol ng iyong test sa pagtuturo, mga rebyu at awdit, at para masuri ang kalidad at bisa ng Programa sa Pagsusuri ng Sipit-sipitan. Maaari din naming gamitin ang impormasyon mo para imbitahan kang lumahok sa pananaliksik.

Desisyon mo kung lalahok ka o hindi. Hindi namin gagamitin ang pangalan mo sa anumang reort, sa pagtuturo, o sa mga rebyu. Pananatilihin naming ligtas at lihim ang personal mong impormasyon, sang-ayon sa kasalukuyang mga regulasyon sa proteksiyon ng datos.





Impormasyon tungkol sa Pagsusuri ng Sipit-sipitan

Kung hihilingin mo, may ganap at bukas na akses ka sa personal mong impormasyon na nasa pangangalaga ng CervicalCheck. Mahalagang ipaalam mo sa CervicalCheck kung may pagbabago sa mga detalye mo. Para malaman kung paano makukuha ang tala mo, pumunta sa hse.ie/cervicalcheck

Paano ko malalaman ang resulta ko?

Ipadadala ang resulta mo sa iyong doktor o klinika. Susulat din kami para ipaalam sa iyo kung kailan lalabas ang resulta mo. Nakapaloob sa liham na ipadadala namin ang susunod mong gagawin.

Pakikipag-ugnayan sa iyo

Makikipag-ugnayan kami sa iyo sa paraang bukas, tapat, nasa oras, at malinaw kung:

- may di-magandang nangyayari sa pangangalaga sa iyo
- nakaranas ka nang di-maganda bilang resulta ng pangangalaga sa iyo
- sa palagay namin ay may nangyaring di-maganda

Ibig sabihin nito, titiyakin naming lubos ang kaalaman mo tungkol sa mga pangyayari at detalye kaugnay sa paglahok mo sa Programa sa Pagsusuri ng Sipit-sipitan.

Para sa buong detalye, pumunta sa hse.ie/cervicalcheck

